File

REPUBLIKA NG PILIPINAS
SANGGUNIANG BAYAN
BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

KAPASIYAHAN BLG. 12

Kapasiyahan pinagtitibay ng Sangguniang Bayan ang kahilingan ng mga Kabataan sa Lakeview Homes Subdivision, Muntinlupa, Metro Manila, na magkaroon ng isang (1) Basketball Goal sa kanilang lugar. Ito ay nagkakahalaga ng Tatlong Libo Tatlong Daan at Limangpung Piso (₱3,350.00).

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

Sapagka't, kailangan nila ang nasabing Basketball Goal sa kadahilanang hindi sila makapaglaro sa palaruan ng Munisipyo, sa dami ng kabataang naglalaro dito;

Sapagka't, mahigi't sa tatlongpung (30) kabataan ang makikinabang sa pagkakaroon ng sariling Basketball Goal, at napakalaking bagay sa pag-iinsayo ng kanilang katawan;

Sapagka't, ang Basketball Goal ay kanilang ilalagay sa malapit sa Lakeview Elementary School, kaya't mapaglalaruan din ng mga mag-aaral.

Ngayon, dahil dito, ang Sangguniang Bayan ay maglalaan ng halagang Tatlong Libo Tatlong Daan at Limangpung Piso (₱3,350.00) na manggagaling sa Kaban ng Bayan upang mabayaran ang nasabing Basketball Goal.

Pinagtitibay ang kapasiyahan ito, ngayong ika-5 ng Abril, 1988 ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

Atty. IGNACIO "Toting" R. BUNYE
Punong-Bayan

Atty. JAIME "Jimmy" R. FRESNEDI
Pangalawang Punong-Bayan

ROMAN E. NIEFES
Konsehal

CARLO G. TENSUAN
Konsehal

NEMESIO O. MOZO
Konsehal

ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

ROGER C. SMITH
Konsehal

REY E. BULAY
Konsehal

NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal